# Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG PHILIPPINE CARABAO CENTER
Science City of Muñoz, Nueva Ecija

ISSN 2507-8933

TOMO 3 , BILANG 1 | 2018



## Mga muhon sa PAG-UNLAD

# Karbaw

Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED ISO 9001 | ISO 14001 | OHSAS 18001

OPISYAL NA MAGASIN NG PHILIPPINE CARABAO CENTER

TOMO 3, BILANG 1 | 2018



**PATNUGUTAN**

**Patnugot** ERIC P. PALACPAC
**Tagapamahalang Patnugot** ROWENA G. BUMANLAG
**Tagapamahala ng Isyung Ito** MERVALYN O. TOMAS
**Disenyo/Layout** KHRIZIE EVERT MARCELO-PADRE
**Manunulat** MA. CECILIA C. IRANG, CHRISSALYN L. MARCELO, KHRIZIE EVERT M. PADRE, MERVALYN O. TOMAS
**Tagapamahala sa Sirkulasyon** CHRISSALYN L. MARCELO
**Kasangguni** ANSELMO S. ROQUE
**Tagapayo** ARNEL N. DEL BARRIO



Ang **Karbaw** ay isang magasin na inilalathala ng Knowledge Management Division (KMD) ng Philippine Carabao Center (PCC), isang ahensiya sa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura, apat na beses sa isang taon. Layon ng **Karbaw** magasin na iparating sa mga mambabasa nito ang iba't ibang kwento ukol sa mga tao, pangyayari, at iba pa na may kinalaman sa umiigting at lumalagong industriya ng kalabaw sa bansa.



Ang reproduksiyon ng alin mang artikulo mula sa pahayagang ito ay hinihimok nang may wastong pagkilala sa may akda o sa **Karbaw** magasin. Gayundin, tinatanggap ng patnugutan ang anumang komento at suhestiyon tungkol sa mga nailimbag na artikulo. Ipadala ang inyong mga kuru-kuro sa ilivestockbiotech@gmail.com.



**NATIONAL HEADQUARTERS AND GENE POOL** Science City of Muñoz, Nueva Ecija, Philippines 3120 • Fax: +63 44 456-0730 • Tel. No: +63 44 456-0731 to 34 • URL: http://www.pcc.gov.ph • E-mail: pcc-oed@mozcom.com **MANILA LIAISON OFFICE** 5th Floor DCIEC Building, NIA Complex, EDSA, Quezon City, Philippines • Fax: +63 02 926-7707 • +63 02 921-3863 • E-mail: pcc-mlo@mozcom.com **REGIONAL CENTERS: PCC at MMSU** 09279655724, pccmmsu@gmail.com • **PCC at CSU** 09167528507, pccpiat07@yahoo.com • **PCC at DMMMSU** 09283556029, pccdmmmsu95@yahoo.com • **PCC at CLSU** +63 44 456-5238, pccclsu@yahoo.com • **PCC at UPLB** +63 49 536-2729, pccuplb@gmail.com • **PCC at VSU** +63 53 335-2648, pccvsu@gmail.com • **PCC at WVSU** +63 33 320-2445, pccwvsu@yahoo.com • **PCC at LCSF** +63 34 735-0121, pcclcsf@yahoo.com • **PCC at USF** +63 38 518-5598, pccusf.ubay@yahoo.com • **PCC at MLPC** 09189194473,pcc-mlpc09@yahoo.com • **PCC at CMU** 09391339815, pccmusuan@yahoo.com • **PCC at USM** 09193970872, usm_pcc@yahoo.com


## MGA NILALAMAN


**3** *Mga kwento ng tagumpay ng kooperatiba*
Basta't sama-sama, nagiging maganda ang bunga

**12** Dalawang haligi ng kooperatiba sa pagkakalabawan mula pa noon

**14** Mga Muhon ng PCC sa nilakarang 25 taon

**16** Kwento at Kwenta ng isang nagkakalabawan

**19** Alam n'yo ba?







**Paliwanag sa pabalat**

Ang pabalat ay sumisimbolo ng pagbabalik-tanaw at pagkilala sa mga muhon (*milestone*) ng pag-unlad sa pagkakalabawan. Matatandaang ipinagdiwang ng PCC ang ika 25 anibersayo nito noong nakaraang Marso 27. Ang anumang tagumpay na tinatamasa ngayon ng maraming magsasaka sa larangan ng pagkakalabaw ay bunga ng mga muhon na ito sa nakaraang 25 taon na iniambag ng mga kabalikat sa pagsusulong ng industrya ng kalabaw sa bansa.

*Mga kwento ng tagumpay ng kooperatiba*

# Basta't sama-sama, nagiging maganda ang bunga

NI KHRIZIE EVERT PADRE

**Nagbago na ang gampaning papel ng kalabaw sa buhay ng mga magsasaka.**

Saksi ang Philippine Carabao Center (PCC), na itinatag 25 taon na ang nakalilipas, na mula sa pagiging simpleng kaagapay sa mga gawain sa bukid, ang kalabaw ay nagbubunsod ngayon ng maraming magagandang pangyayari sa buhay at kabuhayan ng mga magsasaka, mga pamilya, pamayanan at iba pa.

Nagkaroon ng kaganapan ang mga pag-unlad na ito sa pamamagitan ng pinaangat na lahi ng katutubong kalabaw sa tulong ng "Carabao Development Program" (CDP) na ngayo'y nagbibigay hindi lamang ng lakas-kalabaw kundi maging ng gatas, karne, at iba't iba pang produkto.

Patotoo ang maraming kooperatiba na sumubok sa mga kabuhayang salig sa kalabaw sa mga dumaraming kwento ng tagumpay sa industriya ng pagkakalabawan.

**Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative**

Itinanghal ng PCC bilang "Best Dairy Cooperative" ang Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative (EPMPC) ng Brgy. Sibut, San Jose City, Nueva Ecija noong 2013, 2015, at 2017.

Patunay ang parangal na ito sa hindi matatawarang kahusayan ng EPMPC sa pagkakalabawan sa dakong ito ng Nueva Ecija.

Si Marcelino Mislang, o Ka Marcing, ang noo'y tagapangulo ng koop. Palibhasa'y nagpakita ng nag-iibayong sigla, ang koop ay nabiyayaan ng mga gatasang kalabaw sa ilalim ng mga itinakdang kundisyones.

Ayon Kay Ka Marcing, malaking biyaya ang idinulot nang maipagkaloob sa kanya ang isang 16 na buwang *Murrah bufffalo*. Hindi nagtagal nanganak ito at nagsimulang gumatas ng apat na litro sa isang araw na pagkaraan naman ng apat na buwan ay umabot na sa 10 litro. Naging katumbas nito'y Php8,400 na (buwanang) kita, 'di hamak na mas mainam kaysa sa pagsisibuyasan.

Ang kanyang magandang ani ay nagtuluy-tuloy hanggang sa kilalanin ang pinakamagaling niyang maggatas na kalabaw noong 2012 na "Best Dairy Buffalo Cow (Senior Category)" na nakapagtala ng 2,714.80 kilogramo ng gatas sa edad na mahigit 13 taon.

Nguni't hindi lahat ng miyembro ay katulad niya ang naging karanasan. Ang ibang napahiraman ng kalabaw ay "nangasilat bunga ng iba't ibang pansariling dahilan." Ipinaubaya nila sa ibang miyembro ang pag-aalaga nito habang ang ibang miyembro na nagtiyaga tulad ni Ka Marcing ang siyang umani ng magandang resulta sa paggagatas.

Kasabay ng pagdami ng ani ng gatas ay ang pakikilahok ng koop sa *milk feeding program* sa pangunguna ng National Dairy Authority (NDA) at pakikipagtulungan sa Nueva Ecija Provincial Government at lokal na pamahalaan ng siyudad ng San Jose para sa mga *malnourished* na mga bata.

Naging pangunahing *supplier* ang EPMPC ng gatas ng kalabaw sa San Jose City simula 2004 hanggang sa kasalukuyan. Lahat halos ng ani nilang gatas ay pinoproseso bilang *choco milk* at *lacto juice* na siyang ipinapainom sa mga *malnourished* na bata sa mga pampublikong paaralan sa lungsod.

Taong 2006 nang magsimula silang magproseso ng iba pang mga produkto tulad ng kesong puti, *pastillas de leche* at *lechetin* sa ilalim ng pangalang "San Jose Caramilk".

Nagtapos ang proyekto ng EPMPC at NDA noong 2007. Sa tulong ng San Jose City LGU, nagtuloy ang *milk feeding program*, na tinawag na "Alay sa Bata""

SUNDAN SA **SUSUNOD NA PAHINA**

## Mga kwento ng tagumpay...

MULA SA **PAHINA 3**

sa mga lugar na may mataas na resulta ng malnutrisyon mula 2007 hanggang 2009. Ito ay nagbigay ng magandang kita sa koop.

Gayunpaman, hindi maiiwasan ang pagkakaroon muli ng problema ng koop pagdating sa pagsasapamilihan ng gatas. Dahil sa pag-angat ng produksyon ng gatas at kawalan ng mapagdadalhan nito ay huminto ang koop sa pagkulekta ng gatas sa mga miyembro. Ito ang nagsilbing malaking hamon sa panunungkulan ni Melchor Correa bilang *Chairman* noong taong 2012.

Mula sa orihinal na 25 miyembro ay naging 13 na lamang ang mga kasapi. Marami ang umalis at inilipat sa ibang kasapi ang pag-aalaga ng kanilang gatasang kalabaw.

"Yung pagbawi sa tiwala ng mga miyembro ay matagal na proseso. Kaya ang una ko munang ginawa ay pasiglahin muli ang samahan at hanapin ang mga mamimili ng gatas," ani *Chairman* Melchor.

"Salamat sa Diyos, dahil hindi kami nabigo. May nakilala kaming *buyer* sa Dairycon na taga-Alcala sa Cagayan," ani *Chairman* Melchor.

Ang DairyCon o Dairy Confederation of the Philippines ay isang pederasyon ng mga kooperatibang maggagatas sa Pilipinas. Taunan itong nagsasagawa ng mga kumperensya na ang layunin ay pagsama-samahin ang mga negosyante, mga magsasaka at iba pang mga samahan upang talakayin ang mga napapanahong isyu patungkol sa industriya ng gatas.

"Nang makatagpo ng *buyer*, nagsimulang bumalik ang sigla ng mga miyembro sa pag-aalaga ng kalabaw dahil nasisiguro na nilang magiging pera ang gatas na nakokolekta nila," dagdag pa niya.

Simula noon ay naging aktibong katuwang ang koop sa *carabao-based enterprise development* at pagsusulong sa pag-inom ng mga bata ng gatas ng kalabaw. Sa tulong ng *provincial office* ng Department

### PROFILE

**EASTERN PRIMARY MULTI-PURPOSE COOPERATIVE**

Brgy. Sibut, San Jose City, Nueva Ecija

**Taon ng pagkakatatag:** Sept. 29, 1992

**Bilang ng mga unang miyembro:** 25

**Mga pangunahing serbisyo at pasilidad:**

- Pagpoproseso ng mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw, Pagpapahiram ng puhunang pinasyal at pang-agrikultura

**Taon nang magsimulang maging kabalikat ng PCC:** 2000

**Mga tinanggap na pagkilala:** *Best Dairy Cooperative* (2013, 2015 at 2017)




Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative

of Trade and Industry (DTI), Department of Agrarian Reform (DAR), Small and Medium Enterprise Council (SMEDC), LGU-SJC at PCC, madalas nang lumalahok sa iba't ibang *trade fairs* at *exhibits* ang kooperatiba upang maipakilala ang kanilang produkto.

"Kung noon ay hirap kami sa kung saan dadalhin ang aming mga gatas ngayon ay nagkukulang pa at kailangan nang hati-hatiin ang mga gatas sa aming mga regular na mamimili," sabi ni *Chairman*.

Mula sa 25 kalabaw, umaabot na sa mahigit 450 na kalabaw ang nakatala sa koop na nasa pangangalaga ng 61 nitong miyembro.

Nakapagtala naman ito ng 145,099.45 litrong gatas mula sa 91 gatasang kalabaw noong nakaraang taon.

Ang EPMPC ay itinuturing na isa sa mga kooperatibang may pinakamaraming aning gatas na naibebenta sa ngayon. Dahil sa patuloy na pagsisikap at pagkakaisa ng samahan ay patuloy din ang katagumpayang kanila na ngayong inaani.

**General Trias Dairy Raisers Multi-Purpose Cooperative**

"Ang diwa ng bayanihan ng samahan ang naging susi ng tagumpay ng aming kooperatiba".

Ito ang naging pahayag ni Alonzo Reyes, unang tagapangulo ng General Trias Dairy Raisers Multi-Purpose Cooperative (GTDRMPC).

"Dahil sa sama-samang pagtutulungan at pagkakapit-bisig ng mga miyembro sa panahong kami ay hirap sa pagsisimula ang siyang naging daan upang matamasa namin ang ginhawa na mayroon kami ngayon," dagdag niya.

Si Nerissa P. Marquez, kasalukuyang *City Agriculturist* ng Gen. Trias ay isa sa mga nanguna sa pagsisimula ng programa ukol sa pagkakalabaw sa ilalim ng pamumuno ni Mayor Luis A. Ferrer noon.

"Nakita ko kung gaano na lang ang dedikasyon ng mga magsasakang kasapi sa koop. Hindi mahalaga kung paanong naging napakahirap ng panimula. Ang importante ay nagtutulungan kaming lahat. Kung ano 'yong meron kami ay pinagkakasya namin. Higit ko silang hinangaan dahil binago nila 'yong kanilang pananaw dati na hindi kayang mabuo ang kanilang samahan nguni't heto na sila ngayon matatag at kumikita", ani Marquez.

Ayon kay Samuel Potante, kasalukuyang *Chairman*, 10 maggagatas na miyembro lamang ang kinokolektahan nila noon at ngayo'y nasa 55 na maggagatas na ang kanilang kinukuhanan.

SUNDAN SA **SUSUNOD NA PAHINA**

### PROFILE

**GENERAL TRIAS DAIRY RAISERS MULTI-PURPOSE COOPERATIVE**

Brgy. Santiago, General Trias, Cavite City

**Taon ng pagkakatatag:** August 10, 2005

**Bilang ng mga unang miyembro:** 44

**Mga pangunahing serbisyo at pasilidad:**

- Pagpoproseso at pagbebenta ng mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw,
- Pagpapahiram ng puhunang pinasyal

**Taon nang magsimulang maging kabalikat ng PCC:** 2005

**Mga tinanggap na pagkilala:** *Best Dairy Cooperative* (2011 at 2012)

**Kabuuang kita:** Php19,905,962.00 (2017)



General Trias Dairy Raisers Multi-Purpose Cooperative



**Nerissa P. Marquez**
*City Agriculturist*, Gen. Trias City

**"Nakita ko kung gaano na lang ang dedikasyon ng mga magsasakang kasapi sa koop. Hindi mahalaga sa kanila kung anuman ang biyaya na maaari nilang makuha mula sa programang ito. Ang importante ay nagtutulungan kaming lahat. Kung ano 'yong meron kami ay pinagkakasya namin. Kung paano napabuti ang samahan namin ay dahil na rin sa mga pangaral ko na tinatanggap nila. Nagsilbing inspirasyon ito sa kanila at mas higit ko silang hinangaan dahil binago nila 'yong kanilang pananaw na hindi dati mabubuo ang kanilang samahan nguni't heto na ngayon ang GTDRMPC, matatag at kumikita."**

Sa tulong ng *local government unit* (LGU) ng General Trias, ang GTDRMPC ay nagkaroon ng sarili nitong mga pasilidad sa pagproseso ng gatas. Ito ang kauna-unahan at bukod tanging *processing center* sa probinsya ng Cavite na naging posible dahil sa magandang ugnayan at pakikipagtulungan ng LGU, GTDRMPC, Korea International Cooperation Agency (KOICA) at ng PCC. Ang milyun-milyong pisong proyektong ito ay may kakayahang magproseso ng 500 litrong gatas.

"Sa kasalukuyan, maraming paraan ng pagsasapamilihan ang isinasagawa ng koop tulad ng direktang pagbebenta ng produkto sa aming *product outlet*, paggawa ng produkto para sa aming mga *kapartner* na tindahan tulad ng Mr. Moo Milk Planet Co. na may walong sangay sa iba't ibang lugar, YG Green to Gold Corp. sa Cavite, mga *distributor* na pribadong indibidwal, at pagbebenta ng produkto sa *city hall* ng Gen. Trias na kung saan ang Gentri's Best ay itinampok bilang *One Town, One Product* (OTOP) ng siyudad", ani *Chairman* Potante.

Hindi maikakaila na ang GTDRMPC ngayon ay isang magandang halimbawa na ang magandang kooperasyon sa pagitan ng mga ahensya tulad ng PCC, KOICA, LGU-Gen.Trias, at DA-RFU IV ay magbubunga ng maganda at maraming kapakinabangan para sa mga miyembro nito.

### Catalanacan Multi-Purpose Cooperative

Dalawampu't-walong taon na ang nakalilipas, ang Catalanacan Multi-Purpose Cooperative (CAMPC) ay isa lamang payak at maliit na kooperatibang nagpapahiram ng *agricultural loans* sa kanilang mga kasapi. Ngayon, dahil sa ibayong pagsisikap at sakripisyo ng mga pinuno at miyembro nito ay isa na itong matagumpay na kooperatiba.

Si *Chairman* De Gracia ang nagsilbing pinuno ng koop noong 1999. Ayon sa kanya ay nakaranas ng hirap sa pag-aalaga ang halos lahat ng miyembro na nabiyayaan ng kalabaw sa pagsisimula ng mga ito.

Dumaan man sa matinding hamon sa pag-aalaga ng mga gatasang *buffalo* ay hindi naman ito naging dahilan upang tuluyang panghinaan ng loob ang mga kasapi ng koop hanggang dumating ang taong 2002 kung saan nakaranas na ang mga miyembro na makakulekta ng gatas mula sa mga alagang *buffalo*. Ang pagsasapamilihan ng nakulektang gatas ang sumunod nilang naging pagsubok.

"Naging malaking hamon din sa samahan ang pagbebenta ng mga ani naming gatas dahil sa wala kaming mapagbentahan kundi sa kumunidad lamang na kung saan ay nagkaroon ng kumpetisyon sa pagbebenta ng mga ito. Taon 2002 na lamang nang kami ay pinayagang magbenta ng gatas sa PCC sa CLSU," ani Chairman.

Taong 2002 nang pasimulang itatag ang Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO) na kung saan ay naging miyembro ang mga kooperatibang pinahiraman ng PCC ng mga gatasang kalabaw. Layunin ng samahan na tulungan ang mga miyembrong kooperatiba sa pagsasapamilihan ng kanilang mga aning gatas. Ang CAMPC ay isa sa naging miyembro nito.



## PROFILE

**CATALANACAN MULTI-PURPOSE COOPERATIVE**

Catalanacan, Science City of Muñoz, Nueva Ecija

**Taon ng pagkakatatag:** March 19, 1991

**Bilang ng mga unang miyembro:** 44

**Mga pangunahing serbisyo at pasilidad:**

- Pagpoproseso at pagbebenta ng mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw
- Pagpapahiram ng puhunang pinansyal at pang-agrikultura
- Trucking
- solar at flatbed drying
- rice milling
- palay trading
- vermicomposting

**Taon nang magsimulang maging kabalikat ng PCC:** 1999

**Kabuuang kita:** Php9,889,498.56 (2016)




**Catalanacan Multi-Purpose Cooperative**

"Taong 2003 nang kami ay magsimula nang magdala ng aning gatas sa NEFEDCCO at nagpatuloy ang pagdadala namin ng aning gatas hanggang taon 2013," ani *Chairman* De Gracia.

Kung ang ibang miyembro ay nakaranas ng hirap, ginhawa naman agad ang ibinigay ng gatasang kalabaw na naipahiram kay Leoncio Callo, isa sa mga miyembro na naging matagumpay sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw.

"Isa ako sa mapalad na nakatanggap ng gatasang kalabaw dahil pagkaraan lamang ng anim na buwan ay naglandi na ang aking kalabaw at taong 2001 ay nanganak na nga ito at nakapagbigay agad ng gatas. At simula nga noo'y taun-taon na ito kung manganak na umabot sa 12 anak hanggang sa ito ay bawian ng buhay noong 2015," saad ni Callo.

Mula sa isang gatasang kalabaw ay umabot sa 40 ang kanyang mga alaga noong 2013. Nakapagtala siya ng kitang Php1,500 mula sa 30 hanggang 40 litrong gatas na kanyang nakukulekta noon araw-araw. Taong 2012 ay umabot sa 9,468.5 litrong gatas ang kanyang inani na may katumbas na kitang Php359,803. Ang kada litro ay nagkakahalaga noon ng Php38.

"Wala akong masabi kundi Wow! Malaki ang naitulong sa akin ng koop nguni't mas malaki ang naging tulong ng PCC dahil binigyan kaming buong mag-anak ng mainam na kabuhayan. Hindi hirap kundi ginhawa ang naging sukli sa akin nito," natutuwang kwento ni Callo.


Ang kanyang mga kinita ng maraming taon sa paggagatas ay naging daan upang mapaayos at mapaganda ang kanilang bahay, makabili ng mga sasakyan tulad ng kotse, *motor*, *handtractor*, *owner-type jeep*, mga *gadgets* at mapagtapos ng pag-aaral ang kanyang apat na anak.

"Naging matagal man sa ibang miyembro bago makaranas ng ginhawa mula sa kalabaw hindi naman sila nawalan ng pag-asa dahil sa nakikita nilang magandang bunga nito sa iba nilang kasamahan. Pati mga anak at kapitbahay namin ay naengganyo na ring mag-alaga sa nakikita nilang pag-angat ng kalidad ng buhay ng mga miyembro," dagdag ni Chairman.

Dahil sa pagsisikap ng mga opisyales at miyembro ng koop ay nakapagpatayo ito ng sariling *processing center* sa pangunguna ng naitalagang *Chairman* noon na si Callo. Ito ay naging posible sa pakikipagtulungan ng koop sa DA *technician* ng Science City of Muñoz na si Eufrocina F. Honorio. Naging hudyat ito upang magsimula nang magproseso ang koop ng sarili nilang produkto.

"Mga *chocomilk* ang dinadala namin sa mga eskwelahan at piling barangay ng Muñoz hanggang sa gumawa na rin kami ng iba pang produkto tulad ng espasol sa tulong ng Business Development and Commercialization Unit (BDCU) ng PCC. Nang ito ay maipasa namin base sa kanilang itinakdang kalidad ay nagsimula na rin kaming mag-*display* ng aming mga produkto sa

SUNDAN SA **SUSUNOD NA PAHINA**



"Ang sikreto ng tagumpay ay simple lamang. Sa sipag at tiyaga, pananalig sa Diyos at pagtutulungan ng pamilya ay matatamasa mo na ang kaginhawaan na inaasam mo kung kaya't maraming salamat sa PCC dahil binigyan ninyo kami ng oportunidad na makamit ang lahat ng ito!"

**Leoncio Callo**
*Member/Former Chairman, CAMPC*

## *Mga kwento ng tagumpay...* MULA SA **PAHINA 7**

Milka Krem. Doon na nagsimulang dumami ang mga order sa amin mula sa 30 piraso ito ay naging 100 hanggang sa naging 200," ani Callo.

Lalong lumawak ang kanilang pagsasapamilihan ng produkto nang sila ay mapiling maging tagapangasiwa ng Dairy Box Delicatessen *one stop shop* taong 2015 na pinagtibay ng isang kasunduan sa pagitan ng PCC at ng kooperatiba. Ito ay matatagpuan malapit sa Milka Krem *dairy outlet* sa Science City of Munoz, Nueva Ecija.

Tampok sa Dairy Box Delicatessen ang mga produktong pampasalubong at iba't ibang *pastries* na gawa ng CAMPC at ng iba pang samahan ng mga magsasakang-maggagatas sa Nueva Ecija.

Naging tuluy-tuloy ang mga biyayang natanggap ng koop hindi lamang mula sa PCC kundi maging sa iba pang sangay ng gobyerno. Kasabay ng pagbubukas ng Dairy Box ay ang pagtanggap nila ng karagdagang *financial assistance* mula sa Department of Agrarian Reform (DAR). Ang ayudang ito ay upang lubos na maisaayos ang kanilang *processing center* at maparehistro sa Food and Drug Administration (FDA) ang kanilang pwesto.

Base sa kanilang naitalang rekord, mula taong 2010 hanggang 2016 ay umaabot na sa 294,414.21 litrong gatas ang kanilang naisapamilihan at ito ay may katumbas na kitang Php9,889,498.56.

### Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO)

"Sa gitna ng mga sunud-sunod na pagsubok sa samahan, nanatili ang positibo naming pananaw para sa pederasyon," pahayag ni Gerardo F. Santos, pinuno ng Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO).

Kabilang sa mga produktong kanilang pinoproseso ay iba't ibang *flavor* ng *pastillas de leche, fresh milk*, kesong puti, *paneer cheese, flavored milk drink* tulad ng *strawberry milk, green milk* at *choco milk* at iba't ibang *flavor* ng *yogurt drink*. Ang kanilang produkto ay pinangalanan na Cremeria Ecijana.

Ayon kay *Chairman* Santos naging posible ang lahat ng ito dahil na rin sa malaking tulong na naibahagi ng PCC upang maitatag ang samahan.

"Noon nagsisimula pa lamang ang samahan, naging malaking instrumento ang PCC upang mabuo ito. Sa pakikipagtulungan sa iba't ibang ahensya tulad ng DTI, DAR, Korean International Cooperation Agency (KOICA) at ng lokal na pamahalaan ng Talavera ay nagkaroon ng sariling *processing center, products outlet* at kumpletong kagamitan sa pagpoproseso ang NEFEDCCO. Taong 2003 nang ito ay maitatag," saad ni Santos.

Mula nang ito ay maitatag ay nagtuluy-tuloy na ang pederasyon sa pag-aangkat ng aning gatas mula sa kanilang mga miyembro. Naging pangunahin nilang bagsakan ng produkto ang Bulacan at hindi nagtagal ay nagdadala na rin sila ng kanilang mga produkto sa Batangas, Bulacan, Pangasinan, Cagayan, Makati at Quezon City.

Nguni't hindi naging madali ang lahat para sa NEFEDCCO dahil sa mga pagsubok na kanilang pinagdaanan.

"May kakulangan noon sa imbakan ng gatas ang samahan kung kaya't dumating sa punto na hindi na kayang iimbak ng NEFEDCCO ang mga nakukulektang gatas mula sa mga kasapi. Pero salamat at tumulong agad ang PCC na i-*absorb* ang *surplus* namin sa gatas," dagdag ni Santos.

Naging aktibo rin na *supplier* ng gatas ang pederasyon para sa *feeding program* na pinangunahan ng National Dairy Authority sa pakikipagtulungan ng LGU, Department of Social Welfare and Development (DSWD) at Department of Education (DepED) mula taong 2002 hanggang 2007. Umabot sa 18,751 na *malnourished* na mga bata ang nakabenepisyo mula rito.

Nasundan muli ang *milk feeding program* sa tatlong distrito ng Quezon City ng taong 2014-2015 na nakapagbigay ng magandang kita para sa samahan.

Sa kasalukuyan ay may 11 *primary cooperatives* ang nagdadala o inaangkatan ng gatas ng samahan. Ito ay ang Casile Dairy Cooperative, Pulong Buli Primary Multi-Purpose Cooperative Inc., San Vicente Dairy Cooperative, Nag-iisang Masikap PMPC, Buklod Producers Cooperative, Makabagong Kooperatiba ng Bantug PMPC, Bagong Pag-Asa sa Bagong Talavera PMPC, Aglipay Producers Cooperative, Kapitbahayan sa A. Mabini Producers Cooperative, Riverdale/Joson Farm at Pamayanang Umuunlad na Lakas Ani (PUNLA) PMPC.

Noong Pebrero 2017 ay isa ang NEFEDCCO sa napiling pagkalooban ng kagamitan sa ilalim ng proyektong "Building Capacity and Strengthening Partnership for Carabao Development Program (CDP)" ng *Component* 3 ng proyektong isinasagawa ng Southeast Asian Regional Center for Graduate Study and Research in Agriculture (SEARCA) na pinondohan ng PCC.

Sila ay nabigyan ng isang *stainless milk cooling tank* na may kapasidad na maglaman ng 500 litrong gatas. Sa pamamagitan nito ay mas may kakayahan nang makapag-imbak ng aning gatas mula sa mga *primary cooperatives* ang NEFEDCCO.

Base sa kanilang tala, umabot sa 49,000 litrong gatas ang kanilang naproseso at ito ay nakapagbigay sa samahan ng kabuuang kita na Php4.5 milyon noong taong 2017.

**PROFILE**

**NUEVA ECIJA FEDERATION OF DAIRY CARABAO COOPERATIVES (NEFEDCCO)**

San Ricardo, Talavera, Nueva Ecija

**Taon ng pagkakatatag:** 2002

**Bilang ng mga unang miyembro:** *9 primary cooperatives*

**Mga pangunahing serbisyo at pasilidad:**

- Pagpoproseso at pagbebenta ng mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw

**Taon nang magsimulang maging kabalikat ng PCC:** 2002

**Kabuuang kita:** Php4.5 milyon (2017)



Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperative


### Bohol Dairy Cooperative

"Hindi mabibilang ang mga biyayang nakamit na namin mula sa gatas ng kalabaw."

Ito ang masayang ibinahagi

SUNDAN SA **SUSUNOD NA PAHINA**

*Mga kwento ng tagumpay...* MULA SA **PAHINA 9**



> **"Noon nagsisimula pa lamang ang samahan, naging malaking instrumento ang PCC upang mabuo ito. Sa pakikipagtulungan sa iba't ibang ahensya tulad ng DTI, DAR, Korean International Cooperation Agency (KOICA) at ng lokal na pamahalaan ng Talavera ay nagkaroon ng sariling *processing center, products outlet* at kumpletong kagamitan sa pagpoproseso ang NEFEDCCO.**

**Gerardo F. Santos**
*Chairman*, NEFEDCCO

ng mga opisyales ng Bohol Dairy Producers Association (BODPA) patungkol sa kanilang kabuhayang salig sa pagkakalabaw.

Taong 1998 ay naitatag ang isang maliit na kooperatiba na tinawag na Ubay Dairy Multi-Purpose Cooperative (UDAMCO). Sila ang mga unang nakatanggap ng Bulgarian *Murrah buffalo* mula sa PCC sa Ubay Stock Farm (PCC sa USF). Nasundan pa ito ng isang bagong kooperatiba, ang Mabini Dairy Multi-Purpose Cooperative (MADAMCO).

Pinasimulan ng PCC sa USF ang pagsasanay sa mga miyembro ng samahang nabanggit ukol sa pagpoproseso ng mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw, tamang pamamahala sa kanilang pondo at kung paano pamunuan at patatagin ang kanilang samahan.

Dahil sa ipinakitang magandang potensyal na kumita mula sa gatas, nahikayat ang mga miyembro na magproseso ng gatas ng kalabaw sa mga produktong tulad ng *chocomilk, pasteurized milk, milk bars,* at *pastillas de leche.*

Upang mas lalong tutukan ang pagsasapamilihan ng mga produktong ito, pinag-isa na lamang ang dalawang grupo kabilang ang Ubay Carabao Raisers Association, at ito ay tinawag na Ubay Federation of Carabao Raisers and Related Associations (UFECARRA).

Nguni't dumating sa panahong mas nangibabaw ang pagbebenta ng ibang produkto tulad ng aning gulay ng ibang miyembro ng pederasyon noong 2013 kung kaya't unti-unting tumamlay ang mga opisyales nito.

Dahil dito ay napagdesisyunan ng mga aktibong miyembro na mag-organisa ng panibagong samahan na limitado sa mga miyembrong maggagatas at tututok lamang sa mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw. Taong 2014 ay nabuo ang isang bagong samahan na tinawag ngang BoDPA. Kabilang sa mga naging miyembro nito ay mula sa mga bayan ng Ubay, Mabini, Alicia, San Miguel, at Dagohoy. Nagsimulang magproseso ang samahan nang sumunod na taon sa tulong na rin ng PCC sa USF.

"Dahil wala pa kaming sariling *processing center*, nagsimula kaming magbayad ng Php7 kada litro para sa *toll processing fee* ng PCC sa USF upang maproseso ang aming gatas at magawang produkto tulad ng *chocolate milk, flavored buffalo's milk, ice cream, torta, yema, cheese* at *yogurt*," ani Shirley Molina, *General Manager* ng BoDPA.

Pagkaraan ng isang taon ay nakapagtala ang samahan ng kabuuang kita na Php6,048,057.84 mula sa kanilang mga naibentang produkto. Nagsimula rin itong magbahagi ng *patronage refund* at *interest* sa *share capital* ng kanilang mga miyembro.

Ang kitang ito ay umangat pa nang mga sumunod na taon at noong taong 2017 ay umabot sa Php15,646,549.17 ang kanilang kabuuang kita na may netong kita na Php973,013.17 o 6.64% *return on investment.*

Taong 2016 ay napagdesisyunan na irehistro ang BoDPA sa Cooperative Development Authority (CDA) sa panibago nitong pangalan, ang Bohol Dairy Cooperative (BODACO) upang mas maging madali sa kanila na makakuha ng karagdagang pinansiyal na tulong mula sa Philippine Rural Development Project (PRDP) na aabot sa mahigit na siyam na milyong piso.

Kasabay ng pag-apruba ng CDA sa kanilang samahan bilang BODACO ay ang paggawad naman sa kanila ng PRDP ng karagdagang pondo noong 2017.

"Malaki ang pasasalamat namin na napili kami ng PRDP upang pagkalooban ng pinansiyal na tulong. Sa pamamagitan ng pondong ito, mabibili na namin ang mga pangunahing suplay na kailangan sa pagpoproseso ng aming mga produkto bukod pa sa siguradong bayad na matatanggap na ngayon ng mga miyembro sa mga aning gatas na inaangkat namin mula sa kanila. Makakabili na rin kami ng karagdagang kagamitan tulad ng *chiller* o *refrigerated van* para mas maging malayo pa ang marating ng aming mga produkto," dagdag ni Molina.

Bukod sa kanilang natanggap na karagdagang pondo ay nabigyan rin ng panibagong oportunidad ang BODACO na mas mapalawak pa ang pagsasapamilihan nila ng kanilang mga produkto.

Napili rin ng PCC ang BODACO na maging tagapangasiwa ng pangalawa at pangatlong Dairy Box *outlet* sa Bohol na matatagpuan sa Brgy. Tamboan, Carmen at sa Island City Mall sa Tagbilaran City.

Sa kasalukuyan ay umaabot na sa mahigit 500 ang miyembro ng BoDPA na pawang magsasaka-maggagatas mula sa 26 na mga *cluster member* o asosasyon nito. Nasa 262 naman ang bilang ng magsasaka-maggagatas na nakulektahan ng 118,940.80 litrong gatas noong taong 2017.

Ang pagtitiyaga, sama-samang pagsisikap na maitaguyod ang nabuong mga kooperatiba at pagpapanatili ng bukas at magandang relasyon sa pagitan ng PCC ang naging susi upang patuloy na matamasa ng mga samahan ito ang pag-angat sa buhay sa larangan ng paggagatasan. Ang kanilang mga kwento ang nagsisilbing buhay na patotoo na kaya nilang maabot ang tagumpay dahil sa gatasang kalabaw.

## PROFILE

**BOHOL DAIRY COOPERATIVE**

Brgy. Lomangog, Ubay, Bohol

Taon ng pagkakatatag: 1998

Bilang ng mga unang miyembro:

Mga pangunahing serbisyo at pasilidad:

- Pagpoproseso at pagbebenta ng mga produktong gawa sa gatas ng kalabaw
- Pagpapahiram ng puhunang pinansyal at pang-agrikultura

Taon nang magsimulang maging kabalikat ng PCC: 1998

Kabuuang kita: Php15,646,549.17 (2017)



BODACO Dairy Products




Bohol Dairy Cooperative



# Dalawang haligi ng kooperatiba sa pagkakalabawan mula pa noon

NI MA. CECILIA IRANG

**Sa isang samahan, malaki man ito o maliit, mahalaga ang bahaging ginagampanan ng tagapanguna o pinuno para sa pagtatatag nito.**

Sa kanilang pamumuno nakasalalay kung paano masusustinihan ang paglago ng samahan at matitiyak ang patuloy na aktibong pakikilahok at kaukulang nakaatang na mga pananagutan ng mga kasapi nito.

Sa industriya ng paggagatasan, may mga ilang samahan o kooperatiba na sa mahabang panahon ay nananatiling matibay at matatag. Tulad halimbawa ng mga kooperatibang nabuo sa pangunguna ng mga lider na sina Primo Natividad ng Pulong Buli Primary Multi-Purpose Cooperative Inc. (PBPMPCI) at Anthony Alonzo ng Brotherskeepers Multi-Purpose Cooperative (BMPC). Mula noon, hanggang ngayon, sila at ang kanilang kooperatiba ay nakatindig pa at patuloy pang sumusulong sa pag-unlad.

Di mapasusubalian na sila ay mga lider na nais makatulong sa mga kapwa magsasaka kaya't naglakas-loob na mangunang bumuo ng kooperatiba at sumali sa programang pagkakalabawan na itinataguyod ng Philippine Carabao Center (PCC).

## Si Ka Primo

Tapat at lantad kung maghayag ng kanyang opinyon at saloobin.

Ito si Primo Natividad, mas kilala bilang "Ka Primo", na ngayo'y 66 na taon na. Siya ang tagapamuno ng Pulong Buli Primary Multi-Purpose Cooperative Inc. (PBPMPCI) na nakabase sa brgy. Pulong Buli ng Sto. Domingo, Nueva Ecija.

Taong 1991 nang maitatag ang PBPMPCI. Buong pagkakaisang hinirang si Ka Primo bilang *chairman* ng grupo na noo'y 27 ang miyembro.

Ayon sa kanya, isa lang ang nasa isip niya noong mga panahong naitatag ang kooperatiba at iyon ay "kung paano mapaaangat ang buhay ng mga magsasaka na miyembro ng kooperatiba".

Ang una nilang naging operasyon ay *crop production* at iba't ibang programa sa pagpapautang tulad ng *provident*, *educational*, at *emergency loan*.

Taong 1999 nang mapahiraman ng 50 *Bulgarian Murrah* at dalawang bulugan ang kanilang kooperatiba. Naghahanap noon ang PCC ng mga *recipients* at dahil sila lamang ang natitirang matatag na kooperatiba sa kanilang bayan, inirekomenda sila ng kanilang munisipyo.

Sa kasalukuyan, ang PBPMPCI ay may 98 aktibong miyembro at panlima sa mayroong pinakamaraming gatasang kalabaw sa 47 kooperatiba sa paggagatas sa buong National Impact Zone (probinsya ng Nueva Ecija).

Mula sa 50 ay naparami ang mga gatasang kalabaw sa 144 na nasa pangangalaga ng mga kasapi. Dalawampu't anim sa mga ito ang kasalukuyang ginagatasan na umaabot sa 147 litro ng gatas ang nakokolekta araw-araw. Kanilang ipinagbibili ang aning gatas sa Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO).

Noong 2017, nagtala ang koop ng 32,877.39 litro ng inaning gatas na nagkakahalaga ng Php1,695,636.35.

Bilang isang lider, mahalaga kay Ka Primo ang katapatan ng namumuno at mga pinamumunuan nito.

"Kapag hindi ka matapat, lalong hindi mo maaasahan na magiging matapat 'yong miyembro mo sa'yo. 'Yong miyembro naman na nagbabalak ng hindi maganda para masira ang koop dapat kausapin at pagsabihan mo," ani Ka Primo.

Dagdag pa niya: "May mga anay sa samahan. 'Yon ang binabantayan ko. Kung hindi ko ginagawa 'yon, marahil ay matagal nang wala ang koop na ito."

Dahil nga sa pagiging masigasig at disiplinadong lider ni Ka Primo ay nabigyan siya ng "leadership award" ng PCC.


Maliban dito, ang kanilang kooperatiba, ay pinagkalooban ng mga kagamitan, makinarya at proyekto ng iba't ibang ahensiya ng gobyerno upang maging tulong sa paglago pa ng kooperatiba.

"Maraming *offer* na mga proyekto ang DA. Tinatanggihan ko na 'yong iba kasi ayoko naman na tanggap ka nang tanggap 'di mo naman kayang ituloy at patakbuhin. Kaya tina-*timing* ko lang, pinag-aaralan ko rin kasi kung kaya ba ng mga miyembro na itaguyod ito," paliwanag niya.

Ibinahagi rin ni Ka Primo na naranasan niyang magkaroon ng kaunting tampo sa kanya ang pamilya niya dahil sa pagiging "hands-on" niya sa kooperatiba.

Ayon sa kanya, malaki rin ang naging pakinabang ng mga programa ng kooperatiba na ipinanukala niyang ilunsad partikular na ang *educational loan program* sa mga anak ng mga miyembro at maging sa kanyang mga anak. Aniya, marami sa mga anak ng mga miyembro ang nakapagtapos na ng pag-aaral kabilang ang kanyang dalawang anak dahil sa programang ito ng kanilang koop.

Dahil sa maayos na pamamalakad at pagkakaroon ng disiplina ng bawa't miyembro, ang PBPMPCI ay nananatiling isang matatag na samahan ng mga magsasakang-maggagatas.




## Si ka Anthony

Dala ang hangaring makatulong sa mas nakararami, sinimulan ni Anthony Alonzo na buuin ang Brotherskeepers Multi-Purpose Cooperative (BMPC) na matatagpuan sa brgy. Malasin, San Jose City, Nueva Ecija. Ang naging operasyon nito ay *financing* at pagkakalabawan.

Karamihan sa mga naging miyembro nito ay mga kasamahan niya sa simbahan, empleyado, at mga *good customers* ng kanyang sariling *appliance center business.*

"Mula noong mabago ako ng Panginoon, ang naging nasa isip ko na lang ay kung paano mapalalawak ang mapagkakakitaan para marami akong matulungan," ani Ka Anthony, ngayo'y 71 na.

Nagsimula sa 25 miyembro, ang BMPC ay may 1,000 miyembro ngayon sa buong Nueva Ecija. Nguni't aminado rin si Ka Anthony na hindi lahat ng mga miyembro ay nahikayat na sumuong sa pagkakalabawan.

Isa ang BMPC sa nabiyayaan ng 25 gatasang kalabaw ng PCC.


Nagsimula sa tatlong kalabaw lamang, ngayon ay umabot na sa 30 ang inaalagaang kalabaw ni Ka Anthony. Sa bilang na ito, lima ang ginagatasan, apat ang buntis, at pito ang palahian.

"Bumibili ako ng paisa-isa. Kung ipagbibili namin 'yong lalaki, papalitan agad ng babae kasi ang programa ko d'yan ay ang produksyon ng gatas," aniya.

Nakakukuha sila ng 18-20 litro ng gatas araw-araw na ipinagbibili naman nila sa Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative, isang kooperatiba rin ng mga maggagatas na inaasistehan ng PCC.

"Siguro pagkalipas ng dalawang taon, isa na rin 'yong mga inaalagaan ko sa maraming magbigay ng gatas dahil 'yong sa iba ay matatanda na," ani Ka Anthony. "Wala silang *next generation*, 'di katulad nang sa 'kin na inihahanda ko talaga ang pagpapalit sa mga humina na. Kapag nanganak 'yong apat kong buntis, mayroong mga nakasunod na manganganak ulit na pinapalaki namin," dagdag niya.

Ayon kay Ka Anthony, plano pa niyang paramihin ang mga inaalagaang kalabaw para kung halimbawang wala pang *stock*




ng kalabaw ang PCC ay siya ang magpapahiram sa miyembro nila na nais mag-alaga ng kalabaw o gustong madagdagan ang inaalagaang kalabaw.

"May *seminar* kami sa PCC na dinaluhan. Ang sabi nila maganda ang kinabukasan dito. Ang kailangan lang ay paghandaan, palakihin, at paramihin namin ang kawan. Sinusunod ko lang 'yon kasi tama naman sila, e. Awa ng Diyos, maganda naman ang *farm operation* namin para marami rin akong matulungan," aniya.

May apat siyang tauhan sa pag-aalaga ng kalabaw at pagtatanim na natutulungan din niya sa iba't ibang paraan.

"Maliban sa sinusuwelduhan ko sila, may karagdagang tulong sa kanila kapag umaani ang aming *fish pond*. May porsiyento din sila kapag umani naman sa gulayan. Hindi na nila problema ang pagkain," wika niya.

Si Ka Primo… si Ka Anthony… Dalawa silang matitibay na haligi mula noon hanggang ngayon. At, puspos pa sila ng pag-asa na magbubunga pa ng marami ang kanilang pagsisikap sa pagkakalabawan para sa kapakinabangan din ng iba.

# Mga muhon ng PCC sa nilakarang 25 taon


NI MERVALYN TOMAS

*Salin sa Filipino ni Ma. Cecilia Irang*

**Ang ika-25 taong pagkakatatag ng Philippine Carabao Center bilang pangunahing institusyon ng pananaliksik at pag-unlad ay isa sa mga muhon ng tagumpay na ipinagmamalaki nito. Ganito kalayo ang narating ng ahensiya dahil sa matibay at nakatuong direksiyon nito, kabilang ang mga estratehiyang ipinatutupad ng mga kawani, kabalikat na mga ahensiya at mga indibidwal. Nguni't ang lahat ng mga ito ay hindi magiging posible kung hindi dahil sa pundasyong inilatag na ng mga "haligi" at "tagapanguna" sa pagpapaunlad ng industriya ng kalabaw bago pa man naitatag ang PCC noong 1992 at kalakip ang mga unang taon ng pagkakabuo nito.**

## 1993-1997

### MGA UNANG TAON NG PAGKAKATATAG



Ito ang mga taon ng pagsibol ng Philippine Carabao Center. Nagsimula ang operasyon nito noong 1993, matapos na lagdaan ang Republic Act 7307 o Philippine Carabao Act of 1992 noong Marso 27, 1992, at matapos ilunsad ng noo'y Presidente Fidel V. Ramos ang *National Carabao Development Program* sa sumunod na taon.

Noong una ay may anim na sangay na panrehiyon ang PCC sa buong bansa hanggang sa madagdagan ito ng pito pang sangay noong 1994.

Sa mga panahong ito, nag-angkat din ang PCC ng 220 *American Murrah Buffaloes* at 403 *Bulgarian Murrah Buffaloes*. Nakapagprodyus ng mga 'test-tube' na bulo mula sa *in vitro fertilized/in vitro matured* na *embryo* at naitindig din ang national headquarters and gene pool facilities sa Nueva Ecija.

Ang iba pang mga aktibidades na naganap sa mga taong ito ay ang pagiging host ng PCC sa 2nd Asian Buffalo Congress at paglulunsad ng *Carabao-based Enterprise Development (CBED) Program.*

## 1998-2002

### INSTITUSYONALISASYON NG *CARABAO AND ENTERPRISE DEVELOPMENT*





Sa panahong ito naitatag ang CBED sa pamamagitan ng ikalawang yugto ng paglulunsad ng *Carabao Development Program* na pinangunahan ng noo'y Presidente Joseph E. Estrada.

Ang iba pang mga muhon ng PCC sa mga taong ito ay ang pag-angkat ng 1,078 *Bulgarian Murrah Buffaloes; groundbreaking ceremony* at pagpapasinaya ng *research and training facilities* ng PCC; pagpirma ng gobyerno ng Pilipinas at Japan sa "Water Buffalo and Beef Cattle Improvement Project" (WBBCIP), isang proyektong naglalayon na pagbutihin ang *productivity* ng kalabaw at baka; pagkakaroon ng *satellite laboratory* para sa *reproductive biotechniques* sa kalabaw sa pasilidad ng Frigorifico Allana Limited sa Aurangabad, India, pagdadala sa Pilipinas ng *vitrified IVM/IVF-derived* na embryo na nabuo sa India at ito ay inilipat sa mga BMB na babaeng kalabaw sa national gene pool ng PCC at sa kalapit na barangay.

Sa panahon ding ito ipinanganak ang unang bulo na nabuo mula sa *in-vitro produced-vitrified-warmed embryo.* Kasabay nito ang ika-55 kaarawan ng dating Presidente Gloria M. Arroyo kaya't pinangalanan itong "Glory".

## 2003-2007

### PAGSUNOD SA *INTERNATIONAL QUALITY STANDARDS*







Pagsesertipika ng PCC sa ilalim ng International Organization of Standardization (ISO) 9001:2000. Ang ahensiya ay pumasa sa kabila ng mahigpit na pagsusuri na isinagawa ng SGS (Societe' Generale Surveillance) Philippines.

Ang iba pang mga muhon ng ahensiya sa mga taong ito ay: ipinanganak ang kambal na bulo mula sa mga *embryo* na *in vitro-fertilized*; nagsilbing *host* ang PCC sa 7th World Buffalo Congress; binigyan ng Bureau of Food and Drugs ang PCC ng *manufacturing license* para sa gatas at keso; ipinatupad ang mga proyektong "Expanding the Reach of AI Program for the Acceleration of Dairy Herd Build-Up" at "Environmental Animal Health Management"; inilunsad ang librong "Changing Lives…Beyond the Draft Carabao"; mas pinaigting ang mga gawaing pananaliksik lalo na sa larangan ng *reproductive biotechnology*; at pagkakatatag ng PCC Molecular Genetics Laboratory (MGL).

Sa mga panahon ding ito sinimulan ng PCC ang pakikipagtulungan sa Korea International Cooperation Agency (KOICA).

## 2008-2012

### PAGTATALAGA BILANG PANGUNAHING INSTITUSYON SA *LIVESTOCK* R&D



Sa mga taong ito nagsimula ang PCC na manguna sa *biotechnology R&D* sa iba pang mga klase ng *livestock* bilang resulta ng karagdagang mandato nito mula sa DA.

Ang iba pang mga muhon ng ahensiya sa mga taong ito ay: mas lumawak at tumatag ang pagtutulungan ng PCC at KOICA; *infusion ng genetic materials* para sa gatasang kalabaw; inilunsad ang International Buffalo Knowledge Resource Services (IBKRS) website; pagiging miyembro ng PCC sa International Buffalo Consortium; nagbigay ang PCC ng "international study program on livestock" sa ilalim ng JICA-TCTP; inagurasyon ng "Central Milk Collecting and Processing Facility"; binuksan sa publiko ang "Milka Krem"; isinagawa ng JICA at PCC ang Third Country Training Program para sa Myanmar; nagsilbing *host* sa 9th ARBS Conference; at inagurasyon ng mga bagong pasilidad ng PCC. Taong 2008 din nang kinilala ang PCC bilang "Most Outstanding Research Institution" at ginawaran ng "Tanglaw Award" ng PCAARRD.

## 2013-2017

### RASYONALISASYON AT *STRATEGIC SHIFT* SA PAGSASAKATUPARAN NG PROGRAMA




Ito ang mga taon nang simulan ng PCC na isakatwiran at ilipat ang pokus nito mula sa pagiging isang "R&D institution" sa pagiging "R4D agency". Ito'y alinsunod sa pagbabagong naging dulot ng *rationalization program* ng Department of Agriculture.

Maliban sa pagtutuon ng adyenda nito sa pananaliksik noong 2014, sa taon ding ito hinirang si Dr. Arnel del Barrio bilang bagong *Executive Director* ng PCC pagkatapos magretiro ni Dr. Libertado C. Cruz na nagsilbi sa ahensiya sa loob ng 21 taon.

Sa mga taon ding ito nag-angkat ang PCC ng *Italian Mediterranean Buffaloes;* itinatag at pinasinayaan ang mga pasilidad na tulad ng AI *bull farms*, *semen laboratories* at Livestock Innovations and Biotechnology Complex; inilunsad ang *dairy buffalo multiplier farm module, milk supplementation program*, Dairy Box, Milka Krem *outlet* sa Laguna; naghost at nagsagawa ng National Carabao Conference, International Training on Reproductive Biotechnology, National Knowledge Sharing Forum at International Conference on CBED; pinangunahan ang Farmers Livestock School sa gatasang kalabaw, at iba pa.

# Kwento at Kwenta ng isang NAGKAKALABAWAN

NI MA. CECILIA IRANG

*Ilustrasyon ni Jan Czarina Salas*

**Sa kanyang kuwenta, nakapagbenta na siya ng 87,407 litro ng gatas sa loob ng 12 taon na kung saan ang kabuuang halaga nito ay umabot sa mahigit na Php3 milyon.**






> **"Noong ikinasal kaming mag-asawa, pinoproblema namin kung paano giginhawa ang buhay at makapagpapatapos ng pag-aaral ng aming mga anak. Ang naging sagot sa problema namin ay ang PCC at ang programa sa pagkakalabawan. Ang lahat ng ito ay biyaya ng Diyos, ginamit Niyang instrumento ang PCC, kalabaw, at kooperatiba sa pag-unlad ng aming buhay."**
>
> Leoncio Callo
> *Member/Former Chairman, CAMPC*

Sa kanya namang kuwento, nagsimula lamang siya sa isang gatasang kalabaw hanggang sa naparami niya ito at umabot sa bilang na 33 noong 2013.

Ito ang buod ng paglalahad ni Leoncio Callo, 57, miyembro ng Catalanacan Multi-Purpose Cooperative (CAMPC) sa Science City of Muñoz, sa kanyang kuwento at kuwenta sa pagpapalaot niya sa programa sa pagkakalabawan na isinusulong ng Philippine Carabao Center (PCC).

Aniya, mula sa kanyang kinita sa gatas ay nakapagpagawa siya ng bahay, nakapagpaaral ng apat na anak na tatlo sa mga ito ay nakatapos ng kani-kanilang mga kurso, nakapagpundar ng mga *gadgets*, *appliances*, lupa, at higit sa lahat ay nakaipon ng salapi sa banko.

Bukod sa gatas, nakapagbenta rin siya ng mga lalaking kalabaw na ginamit niya sa pagpupundar ng kotse, dalawang *tricycle*, dalawang motorsiklo, isang *owner-type jeep* at konkretong kulungan ng mga alagang kalabaw.

Sa kanyang pagkukuwento, taong 1999 nang ang kanilang kooperatiba ay mapahiraman ng isang *module* na may 25 gatasang kalabaw. Isa siya sa nakakuha ng isang kalabaw na pinalad na mabuntis agad at magbigay ng gatas.

Sa unang panganganak ng kanyang si "Putol", umabot lang sa karaniwang ani na 3.5 litro sa isang araw ang nakukuha niya sa loob ng 10 buwan.  Nguni't sa ikalawang panganganak, namangha siya't napuspos ng galak nang umabot sa 8.5 litro ang gatas na nakuha niya sa isang araw. Ang aning gatas ay ibinebenta niya noon sa PCC sa Central Luzon State University sa halagang Php28 kada litro.

Hindi pa roon natatapos ang pagpapakitang gilas ni "Putol" sa larangan ng paggagatasan. Sa ikatlong panganganak nito noong 2004, umabot sa 11.5 litro araw-araw ang karaniwang dumaloy mula sa puklo nito.

"Nanlaki ang mata ko, nangiti pati tainga ko. Napa'wow' ako talaga. Sabi ko, ang laking pera nito," buong pagsasaya na sabi ni Ka Leoncio.

Ayon sa kanya, 12 ang naging anak ni "Putol" (tatlong babae, siyam na lalaki) bago ito pumanaw noong 2015 dahil sa katandaan.

Samantala, kagaya ni "Putol" ang mga anak niyang babae tulad ni "Putot" ay mabilis ding mabuntis at malakas magbigay ng gatas. Kung susumahin ay nasa 40 ang naging lahing kalabaw ni "Putol".

Hindi naman na idinetalye ni Ka Leoncio kung bakit "Putol" at "Putot" ang naging tawag niya sa kanyang dalawang paboritong mga alagang kalabaw.

### Huwarang magsasaka

Dahil na rin sa maayos na pamamahala at kumpletong pagtatala ng datos ng kanyang mga alagang kalabaw, kinilala at pinarangalan ng PCC si Ka Leoncio bilang "Best Dairy Buffalo Farmer" sa ilalim ng "Semi-commercial Category" noong Marso 2013.

Taong 2014 nang muling maging *chairman* ng CAMPC si Ka Leoncio mula nang magbitiw siya sa puwesto noong 2005.

Sa taon ng kanyang panunungkulan ay naumpisahan ang iba't ibang negosyong salig sa kalabaw tulad ng *vermicomposting, milk processing* at *product development*. Sa sumunod na taon, nailunsad naman ang Dairy Box sa kanyang pangunguna at sa tulong na rin ng PCC. Ito ngayon ang nagsisilbing *dairy products' outlet* ng CAMPC.

Taong 2017 nang magbitiw siya sa pagiging *chairman*. Nguni't gaya ng inaasahan ang mga proyektong naiwan niya ay ipinagpatuloy ng

SUNDAN SA **SUSUNOD NA PAHINA**

kasalukuyang nanunungkulan, partikular na ang sa Dairy Box, na sa taong ito ay kumita ng mahigit isang milyong piso.

### Susi ng pag-unlad

Ang kalabawan ni Ka Leoncio na pinangalanan niyang "LNC Farm" ay nakarehistro na sa Department of Trade and Industry. Nagsasanay na rin siya ng mga nais matuto at pumalaot sa paggagatas.

Noong 2016 ay nagkaroon siya ng *return on investment* (ROI) na 56.57% sa kita niya sa isang beses na paggagatas. Tumaas naman ang ROI niya sa 67.65% nang magsimula siyang mag *twice-a-day milking* noong 2017.

Sa kasalukuyan, 17 ang inaalagaang kalabaw ni Ka Leoncio. Anim sa mga ito ang ginagatasan habang tatlo ang kasalukuyang buntis. Nakakokolekta siya ng 37 litro ng gatas araw-araw na ipinagbibili niya sa halagang Php55 kada litro sa kanilang kooperatiba.

"Ang aming negosyo sa pagkakalabaw ay ginawa naming *family business*. Lahat kaming magkakapamilya ay tulung-tulong na gumagawa. Magmula sa panganay hanggang sa bunso ay marunong magsuga at magbigay ng wastong pag-aalaga sa aming mga kalabaw," ani Ka Leoncio.

Ibinahagi niya ang ilan sa mga pinagbuti niyang gawain (*good practices*) sa pag-aalaga ng kalabaw. Aniya, malaki ang naging pakinabang ng ginawa niyang *swimming pool* ng kalabaw para mabilis mabuntis ang kanyang mga alaga.


"Bukod sa nalilinis 'yong kalabaw kapag inilulublob sa *swimming pool*, nakatutulong din ito sa mabilis nilang pagbubuntis. Kahit tag-araw kapag sila'y naglandi, ilublob lang sila pagkatapos ma-AI, naniniwala akong nakatutulong ito para agad mabuhay ang semilya sa kanilang sinapupunan," sabi niya.

Dagdag pa niya, mahalaga rin ang wasto at kumpletong pagtatala ng mga datos ng kalabaw para mabantayan ang kanilang *performance* at malaman kung alin ang may problema.


"Para magtagumpay sa gawain, una, dapat manalig at idulog natin lahat sa Panginoon. Pangalawa, mahalin natin ang mga alagang kalabaw at pag-aralan ang mga ugali nito. At panghuli, kailangan ang sipag at tiyaga at ganap na pagtutulungan ng pamilya," wika niya.

Sa ngayon, maliban sa pagiging abala niya sa kanyang kalabawan, malimit din siyang maanyayahan bilang tagapagsalita sa mga malalaking pagpupulong at *seminars*. Kamakailan lang ay naimbitahan siyang ibahagi ang kanyang "kuwento at kuwenta" sa National Carabao Conference sa Nueva Ecija at *festival* sa Bohol at *seminar* sa Pampanga.

Iyan si Ka Leoncio at ang kanyang kaiga-igayang "kuwento at kuwenta" sa pagkakalabawan. Hindi maikakaila, lantay siyang patunay na maituturing na tampok siyang hiyas sa mga pagbabahagi ng mga pagtatagumpay at pagtatamo ng biyaya sa ilalim ng programang isinusulong ng PCC.







# ALAM N'YO BA?

NI CHRISSALYN MARCELO



**Ang pinakamatandang bulugang kalabaw ngayon na may nalahiang maraming anak at kasalukuyang inaalagaan ng Philippine Carabao Center (PCC) ay ang kalabaw na si Stan. Si Stan ay isang *Bulgarian Murrah Buffalo* na sa Pilipinas ipinanganak (*island-born*) noong Oktubre 22, 2001.**

Kasalukuyan siyang *semen donor* sa PCC National Bull Farm sa Digdig, Carranglan, Nueva Ecija. Siya ay kinukunan ng semilya dalawang beses sa isang linggo para sa *national artificial insemination* (AI) *program* ng PCC.

Mula nang mapiling *semen donor* noong Setyembre 9, 2003, nasa 39 na ang naging anak ni Stan, ayon kay Dr. Ester B. Flores, *genetic improvement program coordinator* at *head* ng Animal Breeding and Genomics Section (ABGS) ng PCC.

Ayon pa sa kanya, ang nanay ni Stan ay si 2GP97103 (*island born* na rin sa Pilipinas) at ang ama naman nito ay si Mapel (*Murrah buffalo*) na kinukunan ng PCC ng semilya noong 1995 mula sa bansang Bulgaria at dinala sa Pilipinas upang gamitin sa pagpapalahi.

Mataas ang lahi ng kalabaw na ito, ayon pa kay Dr. Flores. Ang produksiyon ng gatas ng nanay ni Stan ay umabot sa 2,382.6 kg sa loob ng 305 araw na *lactation period* o katumbas ng halos walong litro ng gatas na nakukuha kada araw.

Mula sa produksiyon na ito at sa ganda ng lahi ni Stan ay siguradong mataas ang lahi ng magiging anak niya.

Dahil mataas ang lahi ng kalabaw na si Stan ay napili ring maging *semen donor* ng PCC ang isa sa mga naging anak niya. Ang anak niyang ito ay si Jason na ipinanganak noong Pebrero 15, 2007 at naging *semen donor* sa PCC National Bull Farm mula noong Pebrero 13, 2009.

Sa kasalukuyan ay 39 na rin ang anak ni Jason katulad ng kanyang amang si Stan. Ang naitalang produksiyon ng gatas ng ina nito ay 3,038.8 kg sa loob ng 305 na araw samantalang ang mga naging anak naman niya ay nasa 2,382.6 kg sa loob ng 305 na araw.

Ang mga napipiling *semen donor* ng PCC katulad ni Stan at Jason ay ang top 2% ng pinakamagagaling na bulugang kalabaw sa bansa. Sa pamamagitan ng *selection and breeding* na ginagawa ng PCC sa pamamagitan ng ABGS nito ay tiyak ang pagdami at pagkakaroon ng populasyon ng magagandang lahi ng kalabaw sa bansa.

Bunsod ng kanilang mahalagang kontribusyon, nagkakaroon ng mga kalabaw na mas malalaki at mas marami ang produksiyon ng gatas na tuwirang nakatutulong upang mapataas ang lokal na produksiyon ng gatas at karne sa bansa at pagtaas ng kita ng mga magsasaka.

Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED: ISO 9001 | ISO 14001 | OHSAS 18001

**PCC National Headquarters and Gene Pool**

Science City of Muñoz, Nueva Ecija

Telephone No.: (+63) (044) 456.0731 to 34 | (+63) (044) 456.0730

**PCC Network of Centers**

**PCC at MMSU,** Batac City, Ilocos Norte | Tel. No.: (+63) (077) 792.3187Mobile: (+63) 927.965.5724 Email: pccmmsu@gmail.com

**PCC at CSU,** Tuguegarao City, Cagayan | Mobile:(+63) 916.101.1561|(+63) 917.552.0259 Email: pccpiat07@yahoo.com

**PCC at DMMMSU** Rosario, La Union | Tel. No.: (+63) (072) 712.0118 Mobile: (+63) 908.864.9975/930.782.6038 Email: pccdmmmsu95@yahoo.com

**PCC at CLSU,** Science City of Muñoz, Nueva Ecija | Tel. No.: (+63) (044) 456.5238 to 39 Mobile: (+63) 917.867.5763 Email: pcc.clsu@yahoo.com

**PCC at UPLB,** Los Baños, Laguna | Tel. No.: (+63) (049) 536.2729/534.2009 Mobile: (+63) 908.811.2841 Email: pccuplb@gmail.com

**PCC at VSU,** Baybay City, Leyte | Tel. No.: (+63)(053) 563.7649 Email: pccvsu@gmail.com

**PCC at WVSU,** Calinog, Iloilo | Mobile: (+63) 999.991.6115/928.945.7760 Email: pccwvsu@yahoo.com

**PCC at LCSF,** La Granja, La Carlota City, Negros Occidental | Mobile: (+63) 947.893.4794/921.542.4379 Email: pcclcsf@yahoo.com

**PCC at USF,** Ubay, Bohol | Tel. No.: (+63) (038) 518.5598 Mobile: (+63) 919.962.0560 Email: pccusf.ubay@yahoo.com

**PCC at MLPC,** Kalawit, Zamboanga del Norte | Tel. No.: (+63) (065) 212.2636 Fax No.: (+63) (065) 311.4762 Mobile: (+63) 910.179.5905 | (+63) 908.812.8632 Email: pcc-mlpc09@yahoo.com

**PCC at CMU,** Maramag, Bukidnon | Mobile: (+63) 939.916.9719 Email: pccmusuan@yahoo.com

**PCC at USM,** Kabacan, North Cotabato | Telefax No.: (+63) (064) 572.2250 Mobile: (+63) 919.397.0872 /920.621.9722 Email: usm_pcc@yahoo.com

pcc-oed@mozcom.com www.pcc.gov.ph Philippine Carabao Center - Department of Agriculture

